



# ERBUHAY

(english edition: [www.verbuhaymagasin.com](http://www.verbuhaymagasin.com))

GABAY SA BIBLE SHARING

IKAAPAT NA LINGGO NG MULING PAGKABUHAY (B) • ABRIL 22, 2018

## Alay ng Sariling Buhay



(Pambungad na Panalangin)

### I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Gawa 4:8-12)

#### Tanong

<sup>8</sup>NOONG MGA araw na iyon, nagsalita si Pedro, na puspos ng Espiritu Santo: “Mga pinuno, at matatanda ng bayan, kung <sup>9</sup>sinisiyasat ninyo kami ngayon tungkol sa kabutihang ginawa namin sa lumpong ito at kung paano siya gumaling,

#### Sagot

<sup>10</sup>talastasin ninyong lahat at ng buong Israel na ang taong ito’y nakatindig sa inyong harapan at lubusang gumaling dahil sa kapangyarihan ng pangalan ni Hesukristong taga-Nazaret. Siya’y inyong ipinako sa krus, ngunit muling binuhay ng Diyos. <sup>11</sup>Ang Hesus na ito ‘ang batong itinakwil ninyong mga tagapagtayo ng bahay ang siyang naging batong panulukan.’

<sup>12</sup>“Kay Hesukristo lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagkat sa silong ng langit,

ang kanyang pangalan lamang ang ibinigay ng Diyos sa ikaliligtas ng tao.”

Tema: **Ang Hesukristo na Nabuhay Muli mula sa mga Nangamatay**

### PAGPAPALIWANAG

- Tagpo: Basahin ang Gawa 3:1-8 (Paano pinagaling ang lalaking ipinanganak na lumpo) upang maintindihan ang Pagbasa natin ngayon.
- Maari ka ring bumasa mula sa bandang unahan pa upang maintindihan ang malawakang konteksto.
- Ang tanong na sinasagot ni Pedro ay, “kaninong kapangyarihan o kaninong pangalan nagawa ninyo ang mga ito?” (Gawa 4:7)
- Ang sagot ni Pedro: *kerygma* (b. 10).  
*Kerygma* = mga pangaral na nakatoon sa buhay ni Hesus (Ang kanyang pagpapakasakit sa krus, kamatayan at muling pagkabuhay).

Makapangyarihan ang Ngalan ni Hesus, nagpapagaling, nagliligtas, Mesiya.

-Sino si Hesus? Isang taga Nazaret. Ngunit Nazorean din sabi, kasi ang *nazor* sa Hebreo ay nangangahulugang “panata.” Ipinako sa krus, itinakwil na bato, ngunit naging batong panulukan (b. 11). Tagapagligtas ng mundo (b. 12).

### PAGNINILAY

Bilang mga Kristiyano, tayo ay tagapagsunod kay Kristo. Kailangan din tayong magbigay ng kapangyarihan, sa pamamagitan ng ating pangalan bilang Kristiyano, upang maghilom ang mga sugat at mapalaganap ang mabuting balita ng kaligtasan.

### SALMONG TUGUNAN (Slm 117)

#### BATONG DATING TINANGGIHA’Y SIYA PANG NAGING SALIGAN.

### IKALAWANG PAGBASA (1 Jn 3:1-2)

<sup>1</sup>MGA PINAKAMAMAHAL: Isipin ninyo kung gaano kalaki ang pag-ibig sa atin ng Ama! Tinatawag niya tayong mga anak ng Diyos—at iyan ang totoo. Ito ang dahilan kung bakit hindi tayo nakikilala ng mga makasanlibutan; hindi nila kinikilala ang Diyos. <sup>2</sup>Mga minamahal, sa ngayon, tayo’y mga anak ng Diyos, ngunit hindi pa nahahayag ang magiging kalagayan natin. Gayunman, alam nating sa pagparitong muli ni Kristo, tayo’y matutulad sa kanya, sapagkat makikita natin siya sa kanyang likas na kalagayan..

Tema: **Bilang mga Anak ng Diyos**

### PAGPAPALIWANAG

- Naging mga anak tayo ng Diyos dahil sa pag-ibig ng Diyos Ama (b.1).
- Hindi kilala ng mundo ang mga Kristiyano

dahil hindi nito kilala ang Diyos.

- Matatanggap lamang tayo sa pamamagitan ng kaalaman sa Diyos.
- May inaasahan tayong darating.
- Kung ano ang ating kahihinatnan, maging ganap tayo.
- Masilayan natin Siya.

### PAGNINILAY

Tayo ay mga anak ng Diyos. Utang natin ang ating identidad sa dignidad na ipinagkaloob sa atin ng Diyos sa pamamagitan ng pag-ibig ng Ama. Maaliwalas ang kinabukasan ng mga Kristiyanos.

### MABUTING BALITA (Jn 10:11-18)

#### Paghahambing ng Dalawang Klaseng Pastol *Ang Mabuting Pastol*

<sup>11</sup>NOONG PANAHONG iyon: sinabi ni Hesus, “**Ako ang mabuting pastol.** Iniaalay ng mabuting pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa.

#### *Ang Masamang Pastol*

<sup>12</sup>Ang upahan ay tumatakas, kapag nakikitang dumarating ang asong-gubat. Iniiwan niya ang mga tupa, palibhasa’y hindi siya pastol at hindi kanya ang mga tupa. Kaya’t sinisila ng asong-gubat ang mga ito, at pinangangalat. <sup>13</sup>Tumatakas siya palibhasa’y upahan lamang at walang malasakit sa mga tupa.

#### *Ang Mabuting Pastol*

<sup>14</sup>**Ako ang mabuting pastol.** <sup>15</sup>Kung paanong nakikilala ako ng Ama at siya’y nakikilala ko, gayon din naman, nakikilala ko ang aking mga tupa at ako nama’y nakikilala nila. At iniaalay ko ang aking buhay para sa mga tupa. <sup>16</sup>Mayroon akong ibang tupa na wala sa kulungang ito. Kinakailangang sila’y alagaan ko rin; pakikinggan nila ang aking



tinig. Sa gayo’y magiging isa ang kawan at isa ang pastol.

<sup>17c</sup>“Dahil dito’y minamahal ako ng Ama, sapagkat iniaalay ko ang aking buhay, upang ito’y kunin kong muli. <sup>18</sup>Walang makakukuha nito sa akin; kusa ko itong ibinibigay. Mayroon akong kapangyarihang ibigay ito at kunin uli. Ito ang utos na tinanggap ko sa aking Ama.”

Tema: **Ang mga Katangian ng Isang Mabuting Pastol**

### **PAGPAPALIWANAG**

- Ipinapahayag ng pagbasa na si Hesus ang mabuting pastol.
- Isinalarawan ang mga ginawa ng mabuting pastol: ibinigay ang kanyang buhay para lamang sa kanyang mga tupa, at tumungo sa mga naligaw ng landas, namumuno, namumuno na may tamang panananaw (isang kawan, isang pastol).
- Ang pag-alay ng sariling buhay= handang mamatay, mamuhay upang magbibigay buhay sa iba.
- Ibinigay ni Hesus ang kanyang buhay bilang alay dahil sa kanyang pagsunod sa kalooban ng Ama.

### **PAGNINILAY**

Itinuturo ng Mabuting Balita na tanungin natin ang ating mga sarili: Anong klaseng pinuno tayo? Mayroon ba tayong mga katangian katulad ng Mabuting Pastol?

## **II. PAG-UUGNAY**

Ang pamumuno ni Hesus, kahit naroon na siya sa langit, ay patuloy na nadarama. Gumagalaw siya sa pamumuno at misyon ni Pedro. Ipinagaling ni Pedro ang lalaking lumpo mula sa pagkabata, sa ngalan ni Hesus (Unang Pagbasa).

Ipinadarama ng Diyos ang kanyang

pamumuno sa pamamagitan ng kanyang papel bilang Ama sa langit, at sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mananampalataya na kanyang mga anak (Ikalawang Pagbasa).

Ang pamumuno ni Hesus ay nadarama sa kanyang pagiging isang Mabuting Pastol (Mabuting Balita).

## **III. SALAMIN NG BUHAY**

1. Sa ating mga opisina: ano ang ating mga natatamasang benepisyo at ano ang mga pag-aalagad na ating ibinibigay?

2. May mga pagkilos ba na tinutulungan natin ang ating mga pinuno sa pamahalaan na magiging tapat at hindi magsisinungaling?

3. Bilang mga pinuno ng Sambayanang Kristiyano, gaano tayo katapat at makatotohanan sa ating ginagampanang paglilingkod?

*(Pangwakas na Panalangin)*

### **BIBLE APOSTOLATE LECTURE:**

**SAN ROQUE PARISH, Cabrera St., Pasay City**

**SABADO, 7:30 -9:00 PM**

• **APRIL 21, 2018-** *Fr. Paolo Asprey, SSP.*  
Dei Verbum; Verbum Domini; The WORD OF GOD in the life and mission of the Church.

• **MAY 19, 2018-** *Cl. Albert Garong, SSP.*  
Inspiration and Canon; Deuterocanonicals

• **JUNE 16, 2018-** *Fr. Dindo Purto, SSP.*  
PROPHETS






• **JULY 21, 2018-** *Br. Hansel Mapayo, SSP.*  
WRITINGS OR WISDOM LITERATURE

• **AUGUST 18, 2018-** *Fr. Khris Llacer, SSP.*  
GOSPELS

• **SEPTEMBER 15, 2018-** *Fr. Gil Alinsangan, SSP.*  
PAULINE LETTERS AND HEBREWS

MGA BAGONG LIBRO NG ST PAULS...

ROMAN MISSAL  
NA ENGLISH AT  
FILIPINO



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman*

VERBUHAY (Filipino Edition)



PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa ‘yo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa ami’ng sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinapasalamatan dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalala sana namin at mapangangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagninilaynilayan ang mga ito sa aming puso.

Pangoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay, Maawa Ka sa amin.  
*Luwalhati... (mula sa Prayers of the Pauline Family)*